Limang Hakbang sa:

Natural na Pangangalaga sa Bakuran

Bakit magiging natural?

Ang mga bakuran natin ay nakakalibang, maganda, at napakahusay na mga lugar para sa pagre-relax. Ngunit sa pangangalaga sa mga ito, madalas tayong gumagamit ng tubig nang hindi mahusay, gumagawa ng napakaraming dumi at gumagamit nang sobra ng mga kemikal na masama sa kapaligiran at kalusugan ng ating mga pamilya.

Ang magandang balita ay sa pamamagitan ng paggawa ng ilang simpleng pagbabago ay magagawa nating:

- Makatipid ng pera
- Makatipid ng oras
- Mailigtas ang kapaligiran
- Maprotektahan ang kalusugan ng ating mga pamilya
- Lumikha ng malusog, magandang bakuran...nang hindi masyadong nahihirapan!

1 Gumawa ng malusog na lupa

gamit ang compost at mulch

Ang lupa ay buhay, at mahalaga ang buhay sa lupa. Naglalaman ng halos 4 na bilyong organismo ang isang kutsaritang lupa! Pinapanatili ng mga ito na buhaghag ang lupa, nire-recycle ang mga sustansiya para sa mga halaman, tumutulong na mag-imbak ng tubig at pinoprotektahan ang mga halaman mula sa sakit.

- Lagyan ng compost ang inyong lupa. Maglagay ng 1-3 pulgadang compost sa mga kinamang lupa kapag nagtatanim.
- Gumawa ng compost sa bahay, o bilhin ito nang naka-bag o bultuhan.
- Lagyan ito ng mulch! Magkalat ng 1-3 pulgadang compost, mga dahon, damo, mga balat ng kahoy, o mga tabas ng kahoy upang makatipid ng tubig, makapigil sa mga damong ligaw, at mapalusog ang lupa.
- Kailangan ng pataba? Mag-organiko! Binibigyan ng sustansya ng mga orkanikong pataba ang mga halaman nang mas matagal at mas malabong maanod papunta sa ating mga batis.

Tandaan, tumutubo sa malusog na lupa ang malulusog na halaman.

2 Magtanim nang angkop sa inyong lugar

Kilalanin ang inyong bakuran. Saan maaraw o malilim? Tuyo ba o basang-basa ang lupa? Kung gayon ay piliin ang tamang halaman para sa tamang lugar—pumili ng mga halamang tumutubo nang mainam sa Northwest at sa mga kondisyon sa inyong bakuran.

- Pumili ng mga halaman na matibay sa mga peste at nangangailangan ng mas kaunting tubig.
- Pagpangkatin ang mga halaman ayon sa mga pangangailangan sa tubig, araw at lupa ng mga ito.
- Mapili ang mga damuhan sa bakuran at gulay. Tutubo lamang ang mga ito sa maaraw, mainam na tinutuyo at patag na mga lugar.
- Bigyan ang mga halaman ng mahusay na panimula sa pamamagitan ng paghahanda ng lupang may compost.
- Maglaan ng lugar para sa maiilap na hayop sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga puno at katutubong halaman.

Pagdating sa inyong bakuran, kumilos nang natural!

3 Ugaliin ang mahusay na pagdidilig

Marami sa mga problema sa halaman ay idinudulot ng sobrang pagdidilig. Makatipid sa mga bayarin sa tubig at magpalaki ng mas malulusog na halaman sa pamamagitan ng pagdidilig nang lubos, ngunit madalang.

- Diligan ang buong lugar ng ugat, at pagkatapos ay hayaang matuyo ang lupa bago muling magdilig.
- Pahalagahan ang bawat patak sa pamamagitan ng paglalagay ng mulch, pagpili ng mga halamang nabubuhay sa tagtuyot, paggamit ng mga soaker hose at water timer, at pagdidilig lamang sa madaling-araw o gabi upang mabawasan ang pagkatuyo.
- Gumamit ng mga awtomatikong system sa patubig nang mahusay. Magkaroon ng taunang propesyonal na pagsusuri at pagsasaayos. Magsuri para sa mga pagtagas bawat buwan. Huwag magdilig kung umulan kamakailan.
- Hayaang masipsip ang ulan. Idirekta ang mga downspout sa mga damuhan sa bakuran o taniman ng halaman. Gumamit ng mga open paver. Tulungan ang lupang sipsipin ang ulan gamit ang compost at mulch.

4 Mag-isip nang mabuti bago gumamit ng mga pamatay-peste

Nakatuklas ang mga siyentipiko ng 23 pamatay-peste (mga pamatay ng damong-ligaw at insekto) sa ating mga lokal na batis. Ang sobrang paggamit sa mga produktong ito ay masama sa lupa, masama sa isda, at masama sa kalusugan ng ating mga pamilya.

- Mag-umpisa sa pag-iwas. Pumili ng mga halamang matibay sa sakit, at bunutin ang mga damong-ligaw sa pamamagitan ng kamay bago kumalat ang mga ito.
- Tukuyin ang problema bago magbomba, magpisa o tumapak. Ang karamihan sa mga insekto ay mabubuting insekto!
- Tumanggap ng kaunting pagkapinsala – bigyan ang mga natural na maninilang hayop ng panahon upang kontrolin ang mga peste.
- Piliin ang pinaka-hindi nakakalasong pamamaraan sa pagkontrol. Available na ngayon ang maraming hindi masyadong nakakalasong produkto.
- Gumamit ng mga kemikal na pamatay-peste bilang ang huling remedyo.
- Palitan ang maproblemang mga halaman ng mgahalamang mas matibay sa peste.
- May malalang problema sa peste? Tawagan ang Garden Hotline.

5 Ugaliin ang natural na pangangalaga sa damuhan sa bakuran

Madaling gawin ang lahat ng hakbang na ito sa ating mga damuhan sa bakuran, kung saan tayo madalas gumagamit ng pinakamaraming kemikal at tubig, lumilikha ng pinakamaraming dumi at nagsusumikap nang sobra!

- Magtabas ng damo nang mas mataas (1-2 pulgada) at iwan ang mga tinabas. Ang "Grasscycling" ay hindi nagdudulot ng thatch,, at ginagawa nitong mas malusog ang mga damuhan sa bakuran, at nagbibigay ng libreng pataba!
- Maglagay ng pataba nang katamtaman sa Setyembre o Mayo gamit ang isang "natural organic" o "slow release" na pataba.
- Magdilig nang lubos, upang basain ang buong lugar ng ugat, ngunit madalang.
- Pagandahin ang hindi kasiya-siyang mga damuhan sa bakuran sa pamamagitan ng aeration, overseeding at top-dressing gamit ang compost.
- Huwag gumamit ng "weed and feed" o iba pang mga pamatay-peste. Mas madaling nakakabunot ng damong-ligaw ang mga weed puller na mahaba ang hawakan.
- Magsaalang-alang ng mga alternatibo sa mga damuhan sa bakuran para sa matatarik na dalisdis, malililim na lugar o malapit sa mga batis at lawa.

Gustong makaalam nang higit pa?

Mga Tanong?

Tawagan ang Garden Hotline sa **206-633-0224**.
email: help@gardenhotline.org
web: www.gardenhotline.org

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon:

- Pagbuo ng lupa at pag-compost. **www.kingcounty.gov/soils**
- Bakuran at Hardin sa Northwest **www.kingcounty.gov/natural-yard**
- Natural na Pangangalaga sa Bakuran **www.seattle.gov/util/services/yard**
- Pagtitipid ng tubig **www.savingwater.org**
- Mga Master na Hardinero ng WSU **http://gardening.wsu.edu**
- Pagtatapon sa pamatay-peste at mga alternatibo **www.lhwmp.org**
- Pagpili ng tamang halaman para sa tamang lugar **www.GreatPlantPicks.org**
- Mga katutubong halaman **www.kingcounty.gov/GoNative**

King County
Department of Natural Resources and Parks
Solid Waste Division

City of Seattle
Seattle Public Utilities

Saving Water Partnership™
A service of your local water utility

Local Hazardous Waste Management Program in King County, Washington
LHWMP_0053

Alternative Formats On Request 206-296-4466 • TTY Relay: 711 • 1-800-325-6165 ext. 6-4466

Printed on recycled paper – October2011DK– Natural Yard Care 5 Steps - Tagalog